p114

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION V
REGIONAL CENTER SITE, RAWIS, LEGAZPI CITY 4500

RELEASED
MAY 22 2019

Mayo 20, 2019

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 05, s. 2019

PATNUBAY SA PAGGAMIT NG MGA KONTEKSTUWALISADONG AKDANG PAMPANITIKAN PARA SA KURIKULUM NG FILIPINO

Sa mga: **Tagapamanihala ng mga Paaralan**

1, Bilang tugon sa pangangailangan ng mga kontekstuwalisadong akdang pampanitikan sa Filipino, ang Curriculum Learning and Management Division (CLMD), DepEd Rehiyon V ay nagsagawa ng Saliksik, Suri at Likha ng mga Kontekstuwalisadong Akdang Pampanitikan para sa Kritikal na Nilalaman ng Kurikulum sa Filipino..

2. Mula sa gawaing nabanggit nabuo ang kalipunan ng sumusunod na akda na nagsusulong ng kamalayang-Bicol at pagka-Pilipino. Ang mga ito ay bunga ng malikhaing kaisipan ng mga edukador sa DepEd, Rehiyon V.

A. Balangaw (kalipunan ng mga tula)
B. Arug 'Yan Kaini (kalipunan ng mga dagli)
C. Istorya (kalipunan ng maikling kuwento, sanaysay, talambuhay at dula)

3. Gagamitin ang mga akdang ito bilang karagdagang sangguniang teksto sa pagtuturo at pagkatuto sa Filipino mula baitang 1 hangang baitang 12, kinakailangang lamang na suriin mabuti ng guro ang nilalaman ng akda at piliin ang naaayon sa paksang tinatalakay; naaangkop sa baitang ng mag-aaral; at tutugon sa pangangailangan sa pagtuturo at pagkatuto sa klase simula ngayong Taong-Panuruan 2019-2020.

4. Hindi pinahihintulutan ang personal na pagpapabili, pagkopya at pagpapadala sa anumang paraan/sistema ng impormasyon (elektroniko o mekanikal) ng alinmang bahagi ng akda. Ang reproduksiyon o pagkopya ay limitado lamang sa gamit na panturo at pagkatuto. Anumang puna at mungkahi ay hinihiling na ipadala sa tagamasid/koordineytor sa Filipino upang matugunan at makatulong sa pagpapabuti pa ng akda.

5. Kaugnay nito, hinihiling sa mga Pansangay na Tagamasid na tiyaking mabigyan ng kopya (hard/soft copy) ang lahat ng mga guro sa Filipino, subaybayan ang pagggamit nito at magsumite ng ulat sa anumang isyu patungkol sa kapakinabangan ng materyal.

6. Ang gastusin kaugnay ng pamamahagi/paggamit ng sanguniang-materyal na ito ay manggagaling sa pondong lokal o iba pang maaaring pagkunan ng pondo na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

7. Para sa inyong kaalaman, patnubay at pagpapalaganap.

007794

GILBERT L. SADSAD
Direktor III
Itinalaga, Opisina ng Panrehiyong Direktor

Republic of the Philippines
Department of Education
Region V
SCHOOLS DIVISION OF SORSOGON
Sorsogon

Hunyo 13, 2019

SA KINAUUKULAN:

Para sa inyong patnubay at gabay.

LOIDA N. NIDEA, Ed. D., CESO V
Schools Division Superitendent